**UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES**
DILIMAN QUEZON CITY
VoIP TRUNKLINE: 8981-8500 LOCAL: 2558; 2556
DIRECT LINE: (632) 8981-8505, (632) 8981-8506
(632) 8981-8508
E-MAIL: chancellor.updiliman@up.edu.ph

**OFFICE OF THE CHANCELLOR**

Ika-29 ng Oktubre 2025

MEMORANDUM BLG. ECLV-25-037

PARA SA : Mga Dekano, Direktor, Kalihim ng Kolehiyo, Pinuno ng Yunit, Guro at Kawani, Tagapangulo ng Sangguniang Mag-aaral, Pinuno ng mga Samahang Pangmag-aaral

PAKSA : **2025 *Year End Program Activities***

---

Ngayong Disyembre, ipagdiriwang natin ang *2025 Year-Ender Program* ng UP Diliman na may Temang: Abé-abé/Kaisa (Filipino). Para sa programa ng pagtatapos ng taon ngayong 2025, ipinagdiriwang natin ang kolektibong kuwento ng ating komunidad bilang kasama, kaibigan, kapanalig. Ang mga terminong ito ay ilan lamang sa mga salitang kaugnay ng salitang Kapampangan na Abé-abé. Kung isasalin sa Filipino, ang salitang ito ay nangangahulugang pagsasama-sama, at sa pangmundong pananaw ng mga Kapampangan, nagpapahiwatig ng pakikipag-isa.

Sa pagtatapos ng taon, pagninilayan natin ang ating mga kuwento ng pag-asa, pananalig, at respeto sa diwa ng pagiging inklusibo. Sa ating Unibersidad, maisasakatuparan ito sa pamamagitan ng pamumuhay nang sama-sama na may respeto sa pananalig at paniniwala ng isa't isa at sa pagtutol sa anumang anyo ng diskriminasyon, lalo na sa kababaihan at mga kasapi ng LGBTQ+. Mahalaga sa pagsasabuhay ng dangal at husay ang pagsusulong ng pagkaingklusibo at pagpapalitaw sa boses ng lahat, at pakikisama at pakikisalamuha sa mga tao anuman ang kaligirang politikal, ngunit kapareho nating nananalig at pinagtatanggol ang mga prosesong demokratiko.

Sa ating paglipat tungo sa tunay na pakikipag-isa sa 2026, ipinagdiriwang din natin ang ating mga pagsisikap na punan ang mga siwang at humanap ng mga pamamaraan upang pasiglahin ang ating diwa sa gitna ng daigdig na magulo, walang-katiyakan, masalimuot, di-makatarungan, at nakalilito. Malaon nang naging sisidlan ng ingklusibong paggawa ang UP Diliman, na nagpapamalas na sa ating pagsisikap na pangatawanan ang Abé-abé, wala ni isang maiiwan sa ating pagharap sa ng mga panganib na dulot ng mga panloob na tunggalian at iba't ibang krisis pandaigdig.

Matutunghayan ngayon taon ang mga sumusunod na aktibidad ng 2025 Year-Ender Program:

| Aktibidad/ Petsa /Lugar | Detalye |
|---|---|
| Pag-iilaw para sa Pasko<br>Disyembre 5 (Biyernes), 5:30 NH,_Oblation Plaza | Hudyat ito ng pagsisimula ng Kapaskuhan sa UP Diliman, sa pamamagitan ng tradisyunal na *Paskong Pag-iilaw.* Pasisinayaan ng Presidente ng Unibersidad at ng Tsanselor ang pagsisindi ng pamaskong ilaw. |
| Messiah<br>Disyembre 12 (Biyernes), 7:00 NG, UP Theater | Pamaskong handog mula sa UPSO at Abelardo. Tampok ang UP Symphony Orchestra, UPSO Symphonic Chorus, ang UP College of Music Chorus Class, at iba pang mga magtatanghal. Inaanyayahan ang lahat na makibahagi sa diwa ng pagbibigayan at ng musika. Abangan ang mga Christmas Gift boxes mula sa UPSO at Abelardo:<br>1: Para sa mga Bata at Batang-Isip,<br>2: Package from Abelardo -- Handel with Care<br>3: Pamasko ng UPSO<br>4: Community Sing-along |
| Paligsahan at Parada ng Parol<br>Disyembre 17 (Miyerkules), 4:00 NH sa QH Amphitheater at Academic Oval | Parada ito ng mga parol mula sa mga iba't-ibang kolehiyo at yunit. Magpapaligsahan ang mga pang-akademikong yunit sa pinakamagandang parol na tumutugma sa temang "Abé-abé/Kaisa (Filipino)". Susundan ito ng palatuntunan sa Amphitheater, mga pagtatanghal, paggawad ng gantimpala, at *fireworks display.* |

Inaanyayahan ang lahat na makisaya sa ating pagdiriwang. Maglalabas ang *Year End Program Committee* ng iba pang mga detalye sa susunod na mga araw.

Para sa katanungan o suhestyon, maaaring mag-email sa Opisina ng Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad sa ovcca.updiliman@up.edu.ph o tumawag sa 8981 8600.

Maraming salamat.

[redacted]

EDGARDO CARLO L. VISTAN, II
Tsanselor